**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*****************************************************************************************************

# MAGBAGO MAN ANG PANAHON

**ni: CHRISTIAN L. CHUA**

Sa harap ng pagbabago't pagpalit kulay
Naroon ako sa gitna't tuong nakatunghay
Sa pag-inog yaring Panahon at ng buhay
Naroon ako, umaasa at naghihintay.

Sa panimula, kinatha ang langit, lupa.
Sumunod ang dagat, mga hayop, mga halaman
Ngunit sa lahat ng nabuo sa santinakpan
Tao ang siyang sa mundo ay nangibabaw.

Sa gitna ng tumatakbong kasaysayan
Sa pagitan ng mga digmaa't karahasan
Nariyan tayo na siyang mga nilalang
Ng Panginoong Diyos, dakila't mahusay.

Magbago man ang panahon, naroon ang tao
Magbago man ang panahon, tayo'y nakatayo
Ngunit sa huli, ano ang lugar sa mundo
Ng payak na mga nilalang, nating tao?

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

...Bilang mga diyos at ng ating sarili?

...Bilang liwanag at pag-asa ng kapwa?

...Para dumaan lamang at tayo ay maparam?

...Para ganda ng buhay, sa iba'y ipakita?

Magbago man ang panahon, ating unawain

Ating buhay ay higit pa sa pansarili

Bagkus, ito ay para sa ating likhain

Isang ugnayan sa kapwa, mga mahal natin.

Tayo'y maninindigan, sumulong sa buhay

Sapagka't panahon nati'y magbago man,

Kung ikaw at ako'y sadyang magkakapatiran,

Ang maliwanag na bukas, ating mababanaag.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************